

# MAGING LIGTAS SA BAGYO AT BAHA

MGA KAALAMAN  
AT PAALALA PARA  
MANATILING  
PROTEKTADO SA  
BAGYO AT BAHA



## MANATILING MAY ALAM

## ISANG PAMILYA, NAGPAPAHINGA AT NANUNUOD NG TV SA SALA.

PARA SA INYONG  
KALIGTASAN NGAYONG  
PANAHOON NG TAG-ULAN,  
NARITO ANG PAGASA  
UPDATE UKOL SA  
PAPALAPIT NA BAGYO.

### THE WEATHER FORECAST

### NEWS

D	S	O	T	
Tropical Depression (TD)	Tropical Storm (TS)	Severe Tropical Storm (STS)	Typhoon (TY)	Super Typhoon (STY)
61 km/h OR LESS	62-88 km/h	89-117 km/h	118-184 km/h	185 km/h OR HIGHER
Warning Lead Time 36 hrs	Warning Lead Time 24 hrs	Warning Lead Time 18 hrs	Warning Lead Time 12 hrs	Warning Lead Time 12 hrs
Potential Impacts Minimal to Minor threat to life	Potential Impacts Minor to Moderate threat to life	Potential Impacts Moderate to Severe threat to life and property	Potential Impacts Significant to Severe threat to life and property	Potential Impacts Significant to Severe threat to life and property

OO, HON, READY NA. NASA SALA CABINET NA ANG MGA GO BAGS PARA MADALING KUNIN. TATAWAG AKO SA BARANGAY PARA SA INFO NG MGA EVACUATION CENTERS AT IBA PANG BALITA. MANATILING KALMADO. KAYA NATIN 'TO!

MAY BAGYO NA NAMAN PALA. KAILANGAN NA NATING MAGHANDA. KUMPLETO PA BA ANG MGA EMERGENCY SUPPLIES NATIN AT ANG MGA GO BAG NG PAMILYA?

## MAGHANDA SA BAHA

ANG MAGKAKAPATID AY HANDA NANG UMALIS NG BAHAY PAPUNTANG EVACUATION CENTER.

OO, PAT, TINATANGGAL KO LANG ANG MGA SAKSAKAN NG APPLIANCES SA CIRCUIT BREAKER, TAPOS ISASARA KO NA ANG MGA BINTANA. KALMA LANG, GINAGAWA NATIN ANG LAHAT PARA MAGING LIGTAS.

DALIAN NA NATIN, KUYA. MATINDI NA ANG RAINFALL WARNING NG NDRR/MC. ANDITO NA RIN ANG BARANGAY SERVICE PARA MAIHATID TAYO SA EVACUATION CENTER.



**IWASAN ANG  
MGA BAHANG  
LUGAR**

**NAGKITA ANG DALAWANG  
EMPLEYADO PAPUNTANG  
TERMINAL...**

MIEL, BAKIT WALA  
KANG SUOT NA BOTA?  
NABALITAAN MO BA NA  
NOONG NAKARAANG BAHA,  
MARAMING NAMATAY  
DAHIL SA LEPTOSPIROSIS?

AY, OO NGA,  
NAKALIMUTAN KONG  
DALHIN ANG BOTA KO.  
NAKAKA-STRESS NAMAN ANG  
BAHA KAYA BABALIK NA LANG  
AKO SA OPISINA. DOON NA  
LANG AKO MAGHIHINTAY NA  
TUMILA ANG ULAN AT HUMUPA  
ANG BAHA. SALAMAT, ROD.

**SA ISANG EVACUATION CENTER...**

**KILALANIN KUNG  
SINO ANG HIGIT NA  
MAAPEKTUHAN TUWING  
MAY BAGYO AT BAHA**

SIGE PO, KAPITANA. HANDA NA  
PO ANG MGA FIRST AID KIT, MGA  
MEDIKAL EQUIPMENT, AT KUMPLETO  
NA RIN ANG MGA GAMOT SA  
EVACUATION CENTER. NAKIPAG-  
UGNAYAN NA RIN PO KAMI SA  
HEALTH CENTER PARA SA MGA  
DOKTOR NA BIBISITA RITO PARA SA  
LIBRENG KONSULTASYON.

MAGANDANG UMAGA, TEAM! MAY MGA  
GRUPO NA NAG-IKOT SA BARANGAY PARA  
HIKAYATIN ANG MGA RESIDENTE LALO NA ANG  
MGA NAKAKATATANDA, BUNTIS, BATA, MAY  
KAPANSANAN, AT MAY MALALANG SAKIT NA  
MAGTUNGO NA RITO SA EVACUATION CENTER  
KLING KINAKAILANGAN. MAY MGA KABADO AT  
NATATAKOT KAYA MAGING MAPAGPASENSYA  
AT BIGYAN NG KASIGURADUHAN.



# ALAMIN KUNG ANO ANG WASH DIAGRAM

**MGA WASTONG GAWI NG WASH PARA  
MAIWASAN ANG PAGKAKASAKIT SA  
PANAON NG KALAMIDAD.**

ANG **WASH** — NA IBIG SABIHIN AY **WATER, SANITATION, AND HYGIENE** — AY GABAY NATIN PARA MAGKAROON NG MAS MALUSOG AT LIGTAS NA KAPALIGIRAN PARA SA ATING KOMUNIDAD. MAINAM NA SUNDIN NATIN ANG GABAY NA ITO PARA MAPANATILI ANG PAMPUBLIKONG KALUSUGAN, MAKAIWAS SA SAKIT, MASIGURO NA MAY PAGKUKUNAN NG MALINIS NA TUBIG, TAMANG SANITASYON, AT MGA GAWI SA KALINISAN.

## WASH

### (WA) WATER

#### PAGGAWA NG LIGTAS NA INUMING TUBIG

##### TIP#1

PAKULUAN ANG TUBIG NG  
1-5 MINUTO BAGO INUMIN.



5 min

##### TIP#2

LINISIN ANG TUBIG GAMIT  
ANG UNSCENTED BLEACH.

##### STEP 1

1/2 KUTSARITA NG  
UNSCENTED BLEACH  
SA BAWAT 5 GALON  
NG TUBIG O,

8 PATAK NG  
BLEACH SA  
BAWAT 1 GALON  
NG TUBIG



##### STEP 2

HALUIN  
NG MABUTI



##### STEP 3

MAGHINTAY  
NG 30  
MINUTO.



30 min

##### STEP 4

ISARA ANG  
LALAGYAN.



### (S) SANITATION AND (H) HYGIENE

KAPAG HINDI GUMAGANA ANG MGA  
INIDORO, GAMITIN ANG **"POO BAG  
APPROACH"** BILANG HULING  
HAKBANG. GINAGAMITAN ITO NG MGA  
MATIBAY AT SELYADONG BAG PARA  
MAKOLEKTA AT MAITAPON ANG  
DUMI NG TAO SA ISANG MAAYOS AT  
LIGTAS NA PARAAN. ALALAHANIN NA  
ITO AY PANSAMANTALA LAMANG.



TAMANG PAGHUGAS  
NG KAMAY (20 SEGUNDO)